# Systematic Theology ©

**Conrad Jun Tolosa**

Revised May 23, 2022

## ST308. SOTERIOLOGY: 8. Justification 1 of 3 ©

### Justification - Ang Pagwawalang-sala

Ang justification o pagwawalang-sala ay ang doctrina na pagbaba ng verdict na "not guilty." Mayroong pagsusuri, paglilitis pagkatapos ay ang justification ang verdict na *not guilty*. Ang kabaliktaran nito ay ang verdict na *guilty* which is condemnation.

Sa America ang paglilitis ng isang criminal na kaso laban sa isang acusado ay ginagawa sa pamamalakad, pagmamasid at superbisyon ng isang hukom at sa harapan ng 12 jurado, na mag-aaral ng kaganapan sa *proceedings* patungkol sa testimonia ng mga testigo. Ito ay tinatawag na trial by jury, hindi katulad dito sa Pilipinas na ang hukom ay *both judge and jury.* Ibig sabihin, ang *judge* lamang ang makikinig, mag-aaral at magdedesisyon kung *guilty* or *not guilty* ang acusado.

Sa langit ay may nagaganap din na paglilitis, kung saan ang mga nananalig kay Cristo ay dinedeclara na, na *not guilty*. At darating ang panahon na gaganapin ang tinatawag na Last Judgment kung saan, ang buong sanlibutan ay haharap sa dakilang trono ng Makapangyarihang Diyos.

The study of justification ay ang pag-aaral ng tatlong Bible passages na pinakamagaling na gagawin na pag-aaral ng doctrine of justification na Biblical. We will let scripture teach us. Dito tayo pupunta sa tatlong passages: A) Romans 3:10-5:11, B) Galatians 2:15-3:14 at C) James 2:14-26.

### A. Romans 3:10 to 5:11

Basahin ang Romans 3:10-12. Ang sabi dito, *None is righteous, no not one. No one understands. No one seeks for God. All have turned aside. Together they have become worthless. No one does good. Not even one.* This is such a dramatic pronouncement ng scripture. Lahat ito, no exception. None is righteous. No one, ilan beses sinabi. Hindi lang no one kundi not even one. Originally, man was created in true knowledge, true holiness and true righteousness. Ito naman ang kabaligtaran sapagkat ito ang result ng fall of man sa Romans 3:10-12. Ito ang resulta ng pag-exercise ng *free will* ng tao. Back in the Garden, we sinned knowingly and willfully. Ito ang resulta ng ating pag-exercise ng ating free will or freedom to make a choice.

Basahin ang Romans 3:21-25. Sa pagpapatuloy ng kanyang argumento, sinabi ni Pablo na, *But now the righteousness of God has been manifested apart from the Law although the Law and the Prophets bear witness to it, the righteousness of God through faith in Jesus Christ for all who believe.* Dito ay may contrast ang dalawang way to be righteous – pwede kang maging righteous by obeying the Law or pwede kang maging righteous through faith in Jesus Christ. Sa kanyang pagpapatuloy, sinabi niya *There is no distinction between Jews and Gentiles. All have sinned and fall short of the glory of God.* Magkaiba ang *For all have sinned and fall short of the glory of God*. Nagkasala ang lahat at lahat ay hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos. Mahalga ito sapagkat may mga nagtuturo na ang mga bata, will you hold them to account, musmos pa sila? Wala pa silang naintindihan. Bakit sila mahuhusgahan na makasalanan?

Hindi sila makasalanan pero they fall short of the glory of God. Kaya hindi pa rin pwede maski sabihin natin ang argument na iyon. Pero hindi, mayroong age of accountability. May nagtuturo na nagsasabing there is age of accountability. Meaning to say, kailangang umabot muna ang bata sa age of accountability para siya magkasala at maging accountable sa kanyang actions. Hindi iyan tinuturo ng Bibliya. Magandang maunawaan natin ang kaibahan ng *all have sinned* and *falling short of the glory of God*. Sa sinapupunan pa lamang, we were conceived in sin that is falling short of the glory of God na iyon. So hindi acceptable. We are justified by grace and it is a gift through the redemption that is in Christ Jesus whom God put forward as a propitiation by His blood to be received by faith. Last time during our discussion sa redemption, nakapaloob sa redemption ang justification and also ang propitiation. Propitiation meaning appeasement sapagkat kasama sa parusa natin ang wrath of God, iyong galit ng Diyos sa kasalanan. Kinailangan ang propitiation, ang appeasement, kanya bumuhos ang dugo ng Panginoong Jesu-Cristo sapagkat iyon ang nakapag-appease, nakapag-satisfy ng ating pagkakautang at ang pagkatubos sa atin ay naging katanggap-tanggap sa Diyos. At ito ay tinatanggap sa pamamagitan ng pananampalataya.

Ihinayag ng Diyos ang Kanyang kalooban kung paano makapamumuhay ang tao nang matuwid sa pamamagitan ng Kanyang batas. Ito ang Mosaic Law – obey the law and you will be blessed. Disobey the law and you will suffer the consequences. Again, katulad ng sinabi ni Paul, dalawa ang daan sa pagiging matuwid o pagiging just ng tao. Obey the Law or faith in Jesus Christ. Dahil nga sa walang may gustong sumunod sa kalooban ng Diyos, walang sumusunod sa batas. Kaya naman walang taong maituturing na matuwid dahil sa kanyang pagsunod sa batas. Tayong lahat ay makasalanan at "guilty" sa harapan ng Diyos. At lahat ay hindi nakaabot sa Kanyang kaluwalhatian. Proclamation iyon, sinabi na ni Paul. Sinabi na sa scripture, ang judgment ng guilty ay bumaba sa lahat ng tao – no exceptions.

Kaya mayroong paraan ang Diyos kung paano magiging matuwid ang tao na walang kinalaman sa pagsunod sa batas sapagkat lahat ay failure when it comes to gaining righteousness through the obedience to the law. Ang pagiging matuwid na ito ay mararanasan sa pamamagitan ng pananalig kay Jesu-Cristo at mararanasan ng lahat na maniniwala; sapagkat ang lahat (Judio man o Hintil) ay nagkakasala at hindi nakaaabot sa kaluwalhatian ng Diyos. Ang libreng pagpapawalang-salang ito ay isinagawa ng biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pagtutubos na nanggaling kay Cristo Jesus.. Kaya mayroon ngayon choice. Ang unang choice na inilaan sa atin: obey God, you live but if you disobey God you, you die. We chose to disobey God and we died. Kaya lahat tayo ay ipinanganak na patay sa espiritu. Now the other choice that God presented to us is this: believe in Jesus Christ or believe in the word of God and you will be saved or do not believe and you will not be saved. You will pay the penalty of your original sin. Ang original sin ay iyong first personal sin mo when you made the choice to disobey God back in the garden. We were all in Adam. Iyan ang tinatawag na *federal headship* ni Adam. We were all in Adam when he sinned kaya may kinalaman tayong lahat sa kasalanan na iyon. Ito ay personal sin at hindi inherited kaya sinasabi na *in Adam*. May choice na naman tayo at ang subject natin ngayon ay justification.

Mahalagang maunawaan din natin ang sinabi ng Panginoong Jesus sa sermon on the mount sa Matthew 5:17 kung saan sinabi Niya ang ganito, *Do not think that i came to abolish the law or the prophets. I did not come to abolish but to fulfill*. Ang sabi naman sa James 2:10 ay, *Whoever keeps the whole law but fails in one point has become guilty of all of it.* If you think of the garden scene, isa lang ang commandment ng Lord at that time. That commandment represents the entirety of God's law doon sa Mosaic Law. Ang Mosaic Law is composed of moral law, yun 10 commandments na the moral code na ibinaba Niya sa

sangkatauhan, at sa Israelita ang kanilang cultural and ceremonial laws. Kapag binasa mo ang book of Leviticus, maraming laws. Isa lang ang ma-break sa mga laws na ito ay para ka nang bumalik doon sa garden kung saan sinabi kay Adam na *if you eat of the fruit of the knowledge of good and evil, you will surely die*. Iyon ang violation natin. Ano ba ang knowledge of good and evil? Nakapaloob lahat iyon sa Mosaic Law. Ang blessing ng Lord ay nakapaloob doon sa obedience ng Laws na iyon. Kapag sumusunod sa batas, sa prinispyo ng Diyos ang tao, siya ay nakakatanggap ng blessing. But if you disobey, you will suffer the consequences.

Ang mga muslim ay hindi naniniwala na Jesus Christ is God, the Son of God. He is a prophet but He is not God. Pero kapag sumusunod sila doon sa mga prinsipyo na nakapaloob sa Law of Moses, mga Biblical principles whether its political, social or economic principles, whether you are conscious of it as part of God's will or not, you will receive the blessing. Inherent ang blessings doon sa batas ng Diyos. Kaya maski ang Christian, na ligtas ka na dahil tinanggap mo si Jesus bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas, subalit bina-violate mo ang Law, you will still suffer the consequences dito sa buhay na ito. Kaya kinakailangan kang mag-confess dahil God's will iyon. If you sin, you confess and He is faithful to forgive you your sins and cleanse you from all unrighteousness. Walang kinalaman iyon sa justification subalit ito ay part ng reality natin. So there is a righteousness that can be gained by obeying the Law. Kanya nga lang sinabi ni Paul na walang nakasunod maski isa sa atin. At doon sa garden scene ay iyon ang nilarawan ng Diyos sa sangkatauhan. Lahat tayo ay naroon sa garden scene. May mga Biblical scholars , mga church fathers na nagtuturo na inherited ang sin; na ito ay minana natin. Pero ito ay pinabubulaanan ng scripture dahil sa Exequiel sinasabi na ang kasalanan ng anak ay hindi pananagutan ng ama at ang kasalanan ng ama ay hindi pananagutan ng anak.

Romans 4:1-8. Sa pagpapatuloy ni Paul sa chapter 4, sinabi niya na, *If Abraham was justified by works, he has something to boast about but not before God.* Sinasabi niya kung halimbawa na ikaw ay na-justify by your works, mayroon kang maipagmamalaki. Totoo ba? Totoo iyon. Iyong pagsunod-sunod natin sa batas, kapag may mga accomplishment tayo sa Lord, hindi ba ang temptation dito ay magmalaki tayo? Halimbawa, ako ay nakakapagturo ng systematic theology, marami akong estudyante at sinasabi nila sa akin na nakikinabang sila sa aking pagtuturo. So may temptation na maging boastful ang tao because of his pride. Ang isang consequence ng sin natin is to glorify self instead of glorifying God. Iyan ang dapat nating binabantayan na tayo ay may ipinagmamalaki. Sabi ng scripture, ang justification natin ay galing lahat sa Diyos. It is all by grace. Abraham believed God and it was counted to Him as righteousness (Genesis 15:6). Kaya pag may tinawag na righteous person sa Bible, ang ibig sabihin ng Bibliya ay ang tao na iyon ay nananalig sa salita ng Diyos. Walang ibang righteous na tao sa pamamagitan ng obedience to the law. Lahat nga ay hindi nakapasa doon. Ito ang ginawa ng Panginoon. Ito ang Kanyang pamamaraan. Hindi ito pagtataklob ng ating kasalanan na katulad ng ginawa nina Adan at Eba nang kumuha sila ng mga dahon sa halamanan at tinaklob nila sa kanilang kahihiyan. Ang ginawa ng Lord ay binalutan sila ng balat ng hayop. Meaning to say, ang nakapaloob doon ay may namatay na hayop, may hayop na nagsacripisyo ng kanyang buhay para mabalutan ang kahihiyan ng tao, iyong kanyang kasalanan. Ito ang pamamaraan ng Diyos. Believe in the Lord Jesus Christ and you shall be saved. 2 Corinthians 5:21*, For God made Him (Jesus Christ) to be sin for us that we might become the righteousness of God in Him.* Paano nangyari iyon? Dahil ang kasalanan natin ay ipinutong sa katawan ng ating Panginoong Jesus. Tinanggap ni Cristo ang ating buong kasalanan at ang ipinalit dito ay ang righteousness ni Christ sa atin. Kaya mahalagang maunawaan na Jesus Christ was perfect. He lived a perfect life. Walang bahid ng kasalanan dahil hindi Siya magiging qualified as a sacrifice. Hindi Siya magre-resurrect kung may kasalanan Siya. He deserved to die pero He rose from the dead. Meaning to

say He was righteous because He obeyed the law - all of the requirements of the law. Kaya ang faith natin sa Kanya is equated by God. Iyon ang righteousness. So if you believe in Jesus Christ, ang righteousness ni Christ ay ibabalot ng Lord sa iyo. Kaya now, you are not guilty. Walang ibang pamamaraan na ma-justify ang tao.

*Now to the one who works, his wages are not counted as a gift . . .* Tandaan natin, ang salvation natin is a gift . . . but as his due. Ibig sabihin, kung pinaghirapan mo ang salvation, hindi yan regalo dahil pinaghirapan mo. Pinagpawisan mo dahil nag-obey ka ng mga law, gumawa ka ng mabubuting gawa, iyon ang compensation mo. Karapatan mong tumanggap noon. Ito ang kabayaran mo. Ito ay hindi gift. Subalit maliwanag ang sinasabi ng scripture, ang *salvation is a gift. It is by grace through faith in Christ. It is a gift of God, not as a result of works, so that no one may boast.* Walang makapagyayabang sa mga biyaya na tinatanggap niya, yun mga nagagawa niyang mabubuti, except when we boast of Christ. Si Cristo ang ating kayamanan kaya Siya ang ating binibigyan ng credit sa ating buhay. *And to the one who does not work but believe in Him who justifies the ungodly, his faith is counted as righteousness.*

Sa pagpapatuloy sa chapter 3 naman, *then what becomes of our boasting? It is excluded*. Maliwanag na walang makapagyayabang sa langit. Kapag naunawaan mo ito, wala ka talagang ipagyayabang. Lahat ay handog ng Lord at ito ay biyaya ng Panginoon. Alisin mo ang biyaya ng Panginoon, ano ang iyong gagawin? You will be a disobedient sinner all your life. Wala talagang makapagmamayabang.

For we know that no one is justified by faith apart from works. Sa pagpapatuloy niya sa chapter 4, *That is why his faith was counted to him as righteousness"* (referring to Abraham). But the words, "It was counted to him" were not written for his sake alone, but for ours also. Iyang nakasulat sa Genesis 17 ay hindi lamang para kay Abraham kundi para sa atin din. It will be counted to us, who believe in Him who raised from the dead Jesus our Lord, who was delivered up for our trespasses and raised for our justification. Applicable din sa atin ang equation na iyon. Believe in God and it will be counted to you as righteousness.

Sa chapter 5:1-2, sabi niya, *Therefore, since we have been justified by faith, we have peace with God through our Lord Jesus Christ. Through Him we have also obtained access by faith into this grace in which we stand, and we rejoice in hope of the glory of God*. We have peace with God dahil nga na-satisfy na ang galit ng Lord. Kaya ang word na propitiation na ginamit ni Apostle John ay mahalagang maunawaan natin. Ang galit ng Diyos sa kasalanan ay ibinuhos Niya kay Cristo. So at that time noong nakapako sa krus ang Panginoong Jesus ay nasabi Niyang, *Father, why hast thou forsaken Me?* Patunay na ang kabuoan ng kasalanan ng Kanyang mga tupa ay tinanggap ni Cristo at ang galit ng Diyos ay ibinuhos Niya kay Cristo. Iyon ang propitiation. Now we have peace with God. May kasunduan na, reconciled na tayo sa Lord. Hindi na Siya galit sa atin. Nabayaran na ang ating pagkakautang. So with this peace comes access by faith into His throne of grace. Scripture guarantees that we have obtained access into His grace in which we stand.

Sa 5:8, sinabi rin na *But God shows His love for us in that while we were still sinner, Christ died for us.* Hindi Niya hinintay na magbagong buhay muna tayo. Nakita Niya na nagkumpisal ka na ng kasalanan mo, gumawa ka na ng good works, nag-repent ka na kaya sige, mamamatay na Ako para sa iyo. Hindi ganoon. The Scripture is clear, while we were still sinners, Christ died for us.

Mula sa Romans 4:9-25, niliwanag ni Pablo ang mga sumusunod na katotohanan:

a) Ang kaligayahang dala ng pagpapawalang-sala ay para sa lahat - - Judio at hindi Judio.
b) Ang pangako na ang tagapagmana ng mundo ay hindi kinikilala sa pamamagitan ng batas kundi sa pamamagitan ng pagiging matuwid na nagmumula sa pananalig.
c) Tulad din ng pagpapawalang-sala kay Abraham dahil sa kanyang pagtitiwala, ang *equation* din na *faith = righteousness* ay applicable din sa atin.
d) Ang pagtitiwalang ito ay pagtitiwala sa Diyos na nagbangon kay Jesus na ating Panginoon mula sa kamatayan.
e) Si Jesus ay ibinigay sa kamatayan dahil sa ating kasalanan at nabuhay muli para sa pagpapawalang-sala sa ating mga mananampalataya.

Taglay naman ng Romans 5:6-11 ang mga sumusunod na katotohanan:

a) Pinatunayan ng Diyos ang Kanyang pagmamahal sa atin nang tayo ay makasalanan pa, namatay para sa atin si Cristo,
b) Tayo ay napawalang-sala ng dugo ni Cristo,
c) Wala na tayong dapat ikatakot sa galit ng Diyos,
d) May kaluguran tayo kay Cristo, na dahil sa Kanya, kinasundo tayo ng Diyos.

**I. *Multiple Choice***

1. Ang justification ay ang pagbaba ng
   a. Guilty verdict
   b. Not guilty verdict
   c. Pagsusuri sa nagkasala

2. Ayon sa Romans 3:10-12 na
   a. May mga nakauunawa subalit hindi hinahanap ang Diyos
   b. Walang ni isang matuwid at walang humahanap sa Diyos
   c. May mga humahanap sa Diyos at nakakagawa ng mabuti.

3. Ang katuwiran o righteousness ng Diyos ay natatamo
   a. Sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu Cristo
   b. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga Batas
   c. Sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo at pagsunod sa Batas

4. Ano ang tamang pangungusap?
   a. Tayo ay pinawalang-sala sa pamamagitan ng ating pagtanggap kay Cristo.
   b. Tayo ay pinawalang-sala sa pamamagitan ng mabubuting gawa para kay Cristo.
   c. Tayo ay pinawalang-sala sa dahil sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pagtubos ni Jesu Cristo.

5. Ano ang tamang pangungusap ayon sa Romans 3:23?
   a. Ang lahat ng mga batang ay hindi makasalanan kaya maaari silang makaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.
   b. Ang lahat ay nagkasala kaya at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.
   c. Ang lahat ay nagkasala subalit may paraan upang makaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.

6. Ang ibig sabihin ng propitiation ay ang
   a. Pagpapayapa ng galit ng Diyos kapag tayo ay nangungumpisal ng ating kasalanan.
   b. Pagpapayapa ng galit ng Diyos sa kasalanan sa pamamagitan ng pagbuhos ng dugo ni Jesu-Cristo.
   c. Pagpapayapa ng galit ng Diyos kapag tayo ay nagsasakripisyo para sa ating kasalanan.

7. Ang righteous na tao ay
   a. Nananalig sa salita ng Diyos.
   b. Sumusunod sa Batas.
   c. Nakikinig sa salita ng Diyos.

8. Isa lamang ang nasunod sa Batas at iyan ay walang iba kundi
   a. Si Moses
   b. Si Abraham
   c. Si Cristo Jesus

9. Ayon sa 2 Corinthians 5:21, alin sa mga pangungusap ang tama?
   a. Ipinutong kay Cristo ang ating mga kasalanan upang ang Kanyang katuwiran ang bumalot sa atin.
   b. Ipinutong kay Cristo ang ating mga kasalanan upang mapatawad tayo sa ating kasalanan.
   c. Ipinutong kay Cristo ang kasalanan upang Siya ay mag-suffer sa krus ng Kalbaryo.

10. Dahil tayo ay na-justify sa pamamagitan ng pananampalataya,
   a. Mayroon na tayong kapayapaan sa Diyos
   b. Mayroon na tayong access sa Kanyang biyaya
   c. Mayroon na tayong pag-asa sa kaluwalhatian ng Diyos
   d. Lahat ng nasa itaas

© Revised May 23, 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.